ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 1
Enero 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Kamtin ang malalaking pagsulong sa darating na taon

Nagkamit ang Partido ng makabuluhan at mahalagang mga tagumpay nitong 2015. Napamunuan nito ang matatag na paglawak at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa buong kapuluan at buong-giting na nilabanan ang walang-habas na atake ng kaaway.

Kaalinsabay nito, kinakaharap ng Partido ang iba't ibang mga suliranin at salik na humahadlang sa mas malaki at mabilis pang pag-abante ng mga gawain. Dapat nating tukuyin, ugatin at lutasin ang mga ito sa lalong madaling panahon.

Konsolidahin natin ang ating mga tagumpay at tanawin na higitan nang ilang ulit ang mga ito. Dapat nating tanawin na higitan nang ilang ulit ang mga nakamit na nating tagumpay. Mahigpit nating pagbuklurin ang buong Partido at lahat ng pwersang rebolusyonaryo sa kasalukuyang mga tungkulin upang sabay-sabay na magmartsa at abutin ang mas malaki pang pagsulong sa darating na taon.

Binigo natin ang rehimeng US-Aquino sa limang taon nang anti-mamamayang digmang Oplan Bayanihan nito na may layuning gapiin at ipawalangsaysay ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Sa larangan ng armadong pakikibaka, pinakamaniningning ang tagumpay sa Mindanao. Bigung-bigo ang dalawang taon nang malakihan at konsentradong opensiba ng AFP sa mga larangang gerilya sa Mindanao. Nakapaglunsad ang BHB ng 500 taktikal na opensiba, 25% mas malaki kaysa nakaraang taon at doble kumpara noong 2010.

Kapuri-puri din ang tuluy-tuloy na pagsusulong ng armadong pakikibaka sa Luzon at Visayas. Makabuluhan ang dami at laki ng mga taktikal na opensiba sa Panay sa harap ng relatibong malaking pakat doon ng AFP. Sa Eastern Visayas, tampok ang sunud-sunod na mga taktikal na opensiba sa iba't ibang bayan sa Samar. Tuluy-tuloy ang mga taktikal na opensiba sa Negros.

May mga koordinadong taktikal na opensiba sa buong Bicol. Tampok rin ang mga taktikal na opensiba sa Kalinga, Isabela at iba pang prubinsya sa Ilocos-Cordillera at Cagayan Valley. Tumataginting ang mga taktikal na open




sibang inilunsad sa Rizal, Batangas, Mindoro, Quezon at Laguna sa Southern Tagalog.

Noong nakaraang taon, tuluy-tuloy ang mga tagumpay sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pagbubuo, pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa. Sa buong bansa, may ilang milyong magsasaka at mga minoryang mamamayan ang nakikinabang sa pagpapatupad ng minimum at maksimum na programa sa reporma sa lupa.

Sa buong bansa, nakapaglulunsad ng maiigting at malalawak na pakikibakang magsasakang koordinado hanggang sa antas bayan at distrito. Laganap sa buong bansa ang mga pakikibaka laban sa pangangamkam ng lupa ng mga kumpanya sa pagmimina, agribisnes at *real estate.*

Naisulong din ang mga pakikibakang masa sa kanayunan

para singilin ang reaksyunaryong estado sa kriminal na pagkainutil nito sa harap ng malalaking kalamidad at pinsalang dulot ng mga pagbabago sa klima. Tampok din ang mga pakikibakang anti-pasista laban sa militarisasyon at malawakang mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Sa nagdaang taon, tumampok ang ilang panimulang tagumpay ng kilusang paggawa sa paglaban sa kontraktwalisasyon. Binubuklod din ang masang manggagawa sa panawagan para ibalik at itaas ang pambansang minimum na sahod. Kumilos ang mga kabataan at estudyante laban sa pagtaas ng matrikula at pagkaltas sa badyet sa edukasyon, at laban sa programang K+12. Naging tampok ang pakikibaka para ipagtanggol ang kapakanan ng mga migranteng manggagawa. Tampok din ang pagkilos laban sa APEC at mga ipinapataw nitong patakarang neoliberal. Masigla rin ang mga pagkilos para igiit ang kasarinlan laban sa pag-aagawan ng US at China ng kontrol sa South China Sea.

Sa darating na taon, ubos-kaya nating tuparin ang ating mga tungkulin para ibwelo ang malaking pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan. Balik-aralan ang pahayag ng Komite Sentral noong nakaraang Disyembre 26 para sa buong saklaw ng ating kagyat na mga tungkulin.

Una sa lahat, dapat nating higit na palawakin at patatagin ang Partido. Detalyadong pagplanuhan at ipatupad ang malakihang pagpapalawak ng kasapian ng Partido. Noong 2015, umabot sa 33% ang tantos ng paglawak ng Partido. May ilang malalaking rehiyon na umabot sa halos 50% ang paglawak. Sikapin nating higitan ito ngayong taon.

Rekrutin ang lahat ng abanteng mga aktibistang masa na iniluluwal sa mga demokratikong pakikibakang masa. Bigyang-pansin ang maramihang pagrerekrut sa hanay ng mga manggagawa at mga kabataan-estudyante.

Tuluy-tuloy na patatagin ang Partido. Puspusang ipatupad ang tatlong-antas na kurso ng pag-aaral. Planuhin kung papaanong 100% ng bagong mga rekrut ay makapagtatapos ng batayang kurso sa maikling panahon. Palakasin ang mga makinarya para sa instruksyon. Palaganapin ang mga sanggunian sa pag-aaral kabilang ang mga libro, komiks, bidyo at mga kanta pati na ang iba't ibang mga kagamitan sa pag-aaral tulad ng mga kompyuter, prodyektor, telebisyon, tablet, *ebook reader* at iba pa.

Bigyang-pansin ang pagpapalakas ng mga organo at komite ng Partido sa mga lokalidad (baryo, pagawaan, mga paaralan, lansangan) sa antas ng seksyon, subseksyon at sangay at pasiglahin ang kanilang pamumuno sa kani-kanilang antas at saklaw. Paunlarin ang kakayahan ng mga lokal na kadre na tumindig sa sariling paa at mamuno na hindi nakatali sa yunit ng hukbo o mga organisador.

Palitawin at sanayin ang libu-libong mga kabataang kadre na itatalaga sa iba't ibang mahahalagang linya ng gawain sa pagbubuo ng Partido, pagbubuo ng hukbong bayan at pagsusulong ng armadong pakikibaka, at pagpapalawak at pagpapalakas ng nagkakaisang prente.

Ibayong patatagin ang pampulitikang pagkakaisa ng Partido at lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa buong bansa. Bawat sangay ng Partido ay dapat magpulong-talakayan kada dalawang linggo tungkol sa nilalaman ng *Ang Bayan* upang tiyaking nasusubaybayan ng lahat ng kadre at kasapi ang takbo ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa at nabubuklod ang lahat sa pagsusuri sa mga isyung pambayan at mga sentral na panawagan ng Partido. Tiyaking nakapagpaparami ng sapat na kopya ng ating pahayagan.

Isagawa ang kinakailangang mga paglalagom ng mga karanasan sa iba't ibang mga larangan ng gawain at sa iba't ibang antas ng pamumuno ng Partido. Dapat tukuyin ang mga salik na humahadlang sa kalitatibong pagsusulong ng gawa-


ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 1 | Enero 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*


## Nilalaman


**Editoryal:** Kamtin ang malalaking tagumpay sa darating na taon 1

Pagdiriwang sa gitna ng panggigipit 4

POW, pinalaya sa Agusan 4

Mindanao, lalong lumalakas 5

Mga tagumpay sa ST, Panay, Negros 6

Mga tagumpay sa NCMR 7

*Phaseout* ng dyip, nilalabanan 8

Propesor ng UP, ginipit 8

Badyet pang-eleksyon 9

Panunupil sa mga Kurd 9



Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

in. Isagawa ang mga pagpuna at pagpuna-sa-sarili at pagwawasto sa mga kahinaan at kamalian.

Sa larangan ng armadong pakikibaka, dapat tukuyin ang mga dahilan kung bakit hindi maibwelo ng hukbong bayan ang pangunahing tungkulin nito na maglunsad ng maipagwawaging mga taktikal na opensiba tulad ng mga reyd at ambus.

Dapat tuluy-tuloy na paigtingin ng BHB sa Mindanao ang pakikidigmang gerilya at labanan ang todolargang digmang panunupil ng kaaway. Sikaping higitan ang 500 taktikal na opensiba.

Dapat itaas ang kakayahan ng BHB sa buong bansa. Lalo pang paunlarin ang pamamatnugot sa digma sa antas ng subrehiyon, rehiyon at inter-rehiyon hanggang pambansang antas. Dapat makabuluhang paigtingin ang digmang bayan sa mga rehiyon sa Luzon at Visayas. Mapagpasyang lutasin ang mga suliranin na kinakaharap ng ilang kumand at yunit ng BHB sa ilang rehiyon na hindi pa nakapagbebreyktru sa sustenidong paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Sa larangan ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran, pasiglahin ang dinamismo ng mga organisasyong masa ng mga manggagawa, kabataan at estudyante, mga maralitang lunsod, kababaihan, propesyunal at iba pang aping sektor. Buhayin at pasiglahin ang mga ito sa pamamagitan ng regular na mga talakayan sa pulitika, pormal na mga pag-aaral, pagpopropaganda sa masa at maramihang pagrerekrut, mga gawaing pangkultura (gaya ng paglikha ng mga tula at kanta, panonood ng mga sine at bidyong may lamang patriyotiko at progresibo, paglulunsad ng mga pagtatanghal), at mga programang kapakipakinabang. Dapat tukuyin ang mga salik kung papaano pang pasisiglahin ang demokratikong kilusang masa upang mapukaw at mapakilos ang daan-daan libo sa mga demonstrasyong yayanig sa buong naghaharing sistema.

Dapat suriin ng kinauukulang mga organo ng Partido kung papaanong makapagpapakat sa kanayunan ng malaking bilang ng mga kadre at aktibistang pinanday sa mga pakikibakang masa sa kalunsuran. Ang pagtupad sa tungkuling ito ay isa sa mga kritikal na tungkulin para ibayong isulong sa bagong antas ang digmang bayan.

Tumalima sa estilo ng paggawang mahigpit na nakaugnay sa masa. Alamin ang obhetibo at suhetibong kalagayan ng masa upang matukoy ang wastong mga paraan ng pag-abot at pagpukaw sa masa na hindi bumubuntot at hindi rin naman labis na nauuna o nahihiwalay sa mga pagkilos.

Ang pagsasagawa ng pana-panahong panlipunang pagsisiyasat ay susing gawain para mabuo ang wastong linya, panawagan at mga taktika sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa sa iba't ibang anyo ng pakikibaka.

Dapat isagawa ang mga interbaryo at antas-munisipalidad na mga panlipunang pagsisiyasat kaakibat ng paglulunsad ng mga pakikibakang masa at pagpapakilos, pagpapalawak, konsolidasyon at pagpapataas ng mga samahang masa at organo ng kapangyarihang pampulitika.

Dapat ring isagawa ang mga pagsisiyasat sa hanay ng masang anakpawis at petiburgesya sa kalunsuran. Dapat mabuo ang plano kung papaano pangibabawan ang mga atakeng neoliberal sa kilusang paggawa at ang mabisang paraan sa pagbubuo ng mga unyon, asosasyon at iba pang anyo ng pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga manggagawa, at kung papaanong mas malawak at mas malalim na makauugat ang Partido sa masang manggagawang Pilipino.

Susi rin ito upang matukoy ang mga paraan upang malalim na makaugat sa hanay ng mga kabataan at estudyante, mapalaganap at mapayakap sa kanila ang mga rebolusyonaryong pilosopiya, himukin silang hamunin ang dominanteng mga teorya at kaisipan, at buhayin ang diwa ng paglilingkod sa masa at pakikibaka para sa radikal na pagbabago ng lipunan.

Sa taong ito magtatapos ang rehimeng US-Aquino at ang antimamamayang Oplan Bayanihan nito. Bago pa man ay nagunaw na ang ilusyon ng lumalagong ekonomya ng Pilipinas na nilikha ng imperyalismong US gamit ang hungkag na islogang "tuwid na daan" ni Aquino.

Kumukulo at nagbabantang sumambulat ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Sumusulak sa galit ang mamamayang Pilipino sa harap ng papatinding pang-aapi at pagsasamantala.

Para sa sambayanan, wala silang ibang maaasahan kundi ang tahakin ang landas ng rebolusyonaryong paglaban. Ito lang ang kanilang sandata upang labanan ang mapang-api at mapagsamantalang mga patakarang neoliberal na nagbubunsod ng malawakang disempleyo, mababang sahod, laganap na kawalan at pang-aagaw ng lupa at iba pang pagpapahirap sa kanila, at isulong ang kanilang pakikibaka para sa pambansa at panlipunang paglaya. AB



# Libu-libo, nagtipon sa Agusan para sa ika-47 taon ng Partido

Umabot sa 5,000 katao ang lumahok sa pagdiriwang ng ika-47 anibersaryo ng PKP sa Hinimbangan, Kitcharao, Agusan del Norte noong Disyembre 26, 2015. Kinatampukan ang selebrasyon ng parada ng laking-kumpanyang pormasyon ng mga Pulang mandirigma, mga talumpati at pangkulturang pagtatanghal.

Nagpaabot ng mensaheng nakabidyo si Ka Oris, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, na ipinalabas sa pagtitipon.

Pinagsalu-saluhan ng mga nagdiwang ang litson at *ice cream* na inambag ng mga alyado sakay sa dose-dosenang mga "skylab" o mga motorsiklong ginagamit sa transportasyon sa mahihirap na daan sa kabundukan.

Ayon sa tagapagsalita ng BHB Guerilla Front 16 na tumayong punong-abala ng selebrasyon, ang kakayahan ng isang larangang gerilya na magdaos ng malaking pagdiriwang sa kabila ng pang-aatake ng AFP at pagbabanta ng mga paramilitar ay tanda ng kabiguan ng Oplan Bayanihan. Tadtad ng tsekpoynt ng AFP ang mga daan patungo sa pinadausan ng anibersaryo.




**Sariling tigil-putukan, nilabag ng AFP**

Isinagawa ang pagdiriwang ng anibersaryo ng PKP sa gitna ng mga paglabag ng AFP sa sarili nitong tigil-putukan noong Disyembre 23-Enero 3. Tuluy-tuloy ang paglulunsad ng mga operasyong kombat ng kaaway sa Surigao, Bukidnon at Davao. Sa Surigao del Sur, kunwaring naglunsad ang AFP ng operasyong pagtugis sa grupong paramilitar na Magahat-Bagani para makapasok sa mga erya ng BHB. Ang totoo, ani Ka Oris, nasa mga kampo ng AFP ang mga paramilitar.

Sa huling dalawang linggo ng Disyembre, paulit-ulit na naglunsad ng mga operasyong militar ang AFP sa Sityo Han-ayan, Barangay Diatagon, Lianga at iba pang bayan ng Surigao del Sur. Naglunsad pa sila ng mga pambobomba mula sa lupa at himpapawid. Una rito, pinagsusunog nila ang mga bahay ng mga residente sa Km. 16 sa barangay rin ng Diatagon.

**Banta sa midya**

Walang pakundangan ang paghahasik ng lagim ng paramilitar sa direktang tulong ng AFP. Bago ang anibersaryo, binantaan ni Bobby Tejero ng Magahat-Bagani na aambusin ang sinumang mamamahayag at lokal na upisyal ng gubyerno na dadalo at magbabalita kaugnay sa pagdiriwang ng PKP. Ang mensahe ni Tejero sa *cellphone* ay ipinadala sa mga mamamayahag sa mayor na dyaryo at network at nilaman ng bidyo na isiniwalat ng Philippine Information Agency (PIA)-Caraga, isang ahensya ng estado.

Gayunpaman, hindi nagpasindak ang mga mamamahayag ng Mindanao at mariin nila itong kinundena. Anang National Union of Journalists of the Philippines, itinuring nilang seryoso ang pagbabanta ng Magahat-Bagani dahil batid nitong ang militar ang nasa likod nito.

Tinukoy ni Ka Oris si Col. Isidro Purisima, kumander ng 402nd Bde na nag-ooperasyon sa lugar, bilang pasimuno ng mga pagbabanta. Nakipagsabwatan siya, kasama ng Magahat-Bagani, sa PIA-Caraga at anti-komunistang grupong ANAD para takutin ang mga nais dumalo sa pagdiriwang.

Mula nang maitalaga si Purisima sa brigada noong kalagitnaan ng 2015, ani Ka Oris, dumami at naging mas brutal ang mga pang-aatake ng mga paramilitar sa mga komunidad ng Lumad at magbubukid. AB

## POW, pinalaya sa Agusan del Norte

PINALAYA ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) matapos ang 104 na araw si Corporal Adriano Bingil noong Disyembre 31 sa Barangay Durian, Las Nieves, Agusan del Norte.

Tinanggap si Bingil nina Mayor Rodrigo Duterte ng Davao City, Bishop Felixberto Calang, obispo ng Iglesia Filipina Independiente at kumbenor ng Philippine Ecumenical Peace Platform, at Mayor Ronaldo Corvera ng San Luis, Agusan del Sur.

Dinakip si Bingil noong Setyembre 19 sa Barangay Mahagsay, San Luis sa Agusan del Sur ng mga Pulang mandirigma ng NPA Front 88.

Ayon kay Ricardo Manili ng BHB Front 4-A, iniutos ng National Democratic Front of the Philippines ang pagpapalaya kay Bingil bilang kagandahang-loob para sa pagpapatuloy ng naudlot na pakikipag-usapang pangkapayapaan dito. Bahagi si Bingil ng 28th IB sa ilalim ng 4th ID na nagsasagawa ng operasyon sa Barangay Mahagsay. AB

# Rebolusyonaryong kilusan, lalong lumalakas sa Mindanao

Lalong lumakas ang rebolusyon sa Mindanao kahit naging pangunahing pokus ito ng walang humpay na mababangis na atake ng Oplan Bayanihan ng rehimeng US-Aquino para ipagtanggol ang mga interes sa ekonomya ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri at para gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla.


Ito ang pahayag ni Ka Oris, tagapagsalita ng National Democratic Front-Mindanao, sa okasyon ng ika-47 anibersaryo ng pagtatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 26, 2015. Ipinaabot niya ang kanyang mensahe sa pamamagitan ng bidyo sa mamamayang nakipagdiwang sa PKP sa Hinimbangan, Kitcharao, Agusan del Norte sa araw na iyun. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 4.)*

Ayon kay Ka Oris, hindi nagapi ang rebolusyonaryong kilusan sa isla sa kabila ng pagtambak ng reaksyunaryong estado ng napakaraming batalyong pangkombat sa isla. Sa kasalukuyan, aniya, 60% sa 60 batalyon ng AFP sa buong Mindanao ay nakatutok sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Hindi pa kasali rito ang mga pwersa ng pulis, CAFGU at mga grupong paramilitar. Inilunsad ng mga ito ang mababangis at maruruming pang-aatakeng terorista para sindakin ang mamamayan at pigilan ang kanilang mga pakikibaka. Ang terorismong ito ang nagtulak sa daang libong mamamayan na lisanin ang kanilang mga komunidad.

Sa gitna ng matitinding operasyong militar, napatatag ng Partido ang pundasyon nito sa ideolohiya. Nailunsad nito ang mga teoretikal na pag-aaral, kakumbina ng mga praktikal na aral mula sa rebolusyonaryong karanasan ng limang rehiyon ng isla. Lumaki nang ilang libo ang kasapian ng Partido sa hanay ng nakikibakang mamamayan sa mga baryo, komunidad, pabrika, paaralan at mga organisasyong masa. Napatatag ang mga komite ng mga rehiyon, mga lokal na sangay ng Partido sa hanay ng mamamayan at sa loob ng BHB.

Patuloy na sumulong ang armadong kilusan. Walang larangang gerilya nawasak ang Oplan Bayanihan at bagkus ay dumami pa mula 40 noong 2010 tungong 46 nitong 2015. Mula sa 1,850 noong 2010, lumawak tungong 2,500 ang mga baryong saklaw ng Pulang hukbo sa 2015. Marami-rami na ang naitayong mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa antas baryo, at mayroon nang sa antas-bayan. Mahigit 200,000 na ang direktang nakapaloob sa mga organisasyong masa.

Lumawak ang nalulunsaran ng mga pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa. Ang kilusang masa para rito ay mahigpit na nakakawing sa mga pakikibaka laban sa imperyalistang pandarambong sa likas na yaman ng bansa. Mahigpit din itong nakaugnay sa pakikibaka para sa pangangalaga ng kalikasan. Sa panahon ng panunungkulan ni Aquino bumwelo ang malalakas na kilusang masa laban sa mga higanteng minahan sa CARAGA, plantasyon ng A.Brown sa Compostela Valley, Xstrata sa SOCSKSARGEN, TVI sa Zamboanga Sur at iba pa.



Lumaki ang mga pormasyon ng BHB. Tumaas ang bilang ng mga taktikal na opensiba na nailunsad mula 250 noong simula ng termino ni Aquino tungong mahigit 500 nitong 2015. Pinakamataas ang bilang na ito sa buong panunungkulan ng rehimen, ani Ka Oris. Kabilang sa matutunog na tagumpay ng BHB sa isla ang reyd sa armori ng pribadong hukbo ni Mayor Brilliantes kung saan nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng 74 na armas. Nagkaroon din ng matatagumpay na reyd sa mga istasyon ng pulis sa Tigbao, Zamboanga del Sur, sa Don Victoriano, Misamis Oriental at sa Alegria sa Surigao del Norte. Nakakumpiska ang mga yunit ng BHB ng mga armas at nakapagdulot ng pinsala sa kaaway sa mga opensibang ito. Sa buong taon, umaabot sa isang batalyon ang tinamong kaswalti ng mga reaksyunaryong armadong pwersa, habang minimal lamang ang pinsalang naidulot nito sa BHB. Sa ilalim ni Aquino, umabot sa 61 ang nadakip ng BHB at idineklarang mga bihag sa digma at tinrato alinsunod sa mga alituntunin ng digma.

Kabilang sa pinakahuling opensiba ng BHB ang serye ng ambus ng mga Pulang mandirigma sa Paquibato District noong Disyembre 14 at sa Compostela Valley noong Disyembre 13. Umaabot sa 21 ang kaswalti ng kaaway sa naturang mga ambus, kabilang ang isang upisyal.

Sa 2015 din umusbong at bumwelo ang malalaking anti-pasistang pagkilos na umalingawngaw hindi lamang sa isla kundi sa buong Pilipinas at maging sa ibang bansa. Umani ng malawak na suporta sa loob at labas ng bansa ang pangalawang Manilakbayan ng mamamayan at Lumad ng Mindanao laban sa militarisasyon at matinding terorismo ng estado. Nagtuluy-tuloy ang pakikibaka ng mamamayang Moro sa kabila ng mga pagsisikap ng rehimen na patahimikin sila. AB

# Mga pagdiriwang sa Southern Tagalog, Panay at Negros

Ipinagdiwang ng mga ogano ng PKP, kasama ang rebolusyonaryong mamamayan, ang ika-47 anibersaryo ng pagtatatag nito sa Southern Tagalog, Panay at Negros noong Disyembre 26, 2015.

Sa Southern Tagalog, daan-daan ang dumalo sa mga pagtitipon sa Batangas, Rizal, Laguna at Quezon kung saan inilunsad ang mga pangkulturang pagtatanghal ng mga rebolusyonaryo mula sa iba't ibang sektor, gayundin ng mga kasapi ng Pulang Bandila, ang grupong pangkultura na binubuo ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nagkaroon ng malikhaing pagbabalik-tanaw sa mahahalagang aral ng mga dakilang guro at mga lider ng mga rebolusyonaryong kilusan sa ibang bansa. Tinalakay sa programa ang mensahe ng Partido at ang panawagang paigtingin ang rebolusyonaryong pakikibaka sa gitna ng krisis ng daigdig at ng bansa. Hinamon ang mga nagsidalo, partikular ang mga manggagawa at kabataan, na tumugon sa panawagang tumungo sa kanayunan at sumapi sa BHB. Nagkaroon din ng katulad na mga pagdiriwang sa Mindoro at Palawan.

Samantala, pinabulaanan ng BHB-Mindoro (Lucio de Guzman Command) ang nilagdaang Memorandum of Understanding sa pagitan ng lokal na gubyerno ng Oriental Mindoro at 2nd ID na nagdedeklarang "conflict manageable and ready for development" o CMFRD na ang isla. Pinalalabas ng deklarasyong ito na hindi na banta ang armadong kilusan sa isla para engganyuhin ang higit pang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina sa isla. Ikinukubli nito ang katotohanang patuloy na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa lugar. Noong Oktubre 25 lamang, matagumpay na sinalakay ng BHB ang mga *peace and development team* sa San Jose, Occidental Mindoro, kung saan napatay ang kumander ng mga ito. Noong Oktubre 31 naman, pitong sundalo ang napatay sa operasyong haras ng BHB sa Panaytayan, Mansalay, Occidental Mindoro.

Sa Panay, ipinagdiwang ng panrehiyong organisasyon ng Partido ang pamumuno nito sa larangang militar kung saan naging sustenido sa buong taon ang mga taktikal na opensibang inilunsad ng mga pwersa ng BHB na humigit pa sa itinakda ng pambansang sentro na dami ng taktikal na opensibang dapat ilunsad ng bawat yunit.

Pinakatampok ang serye ng mga taktikal na opensiba noong Disyembre 12-13 mula Yating Mountains, Capiz sa hilagang silangan ng Panay hanggang sa Bundok Madyaas, sa timog ng Iloilo. Sa opensiba noong madaling araw ng Disyembre 13, walong kaaway ang kaswalti nang tambangan ang dalawang trak na komboy ng 82nd IB sa Barangay Tiolas, San Joaquin, Iloilo habang binabaybay ang national highway ng Iloilo-Antique.

Ayon kay Julian Paisano, tagapagsalita ng PKP-Panay, "ipinakita ng mga aksyong militar ng 2015 ang lawak at pakat ng BHB sa malawak na kabundukan at paanan ng kanluran at hilagang silangan ng Panay at ang lalim ng baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan sa Panay."

Inilinaw rin ni Paisano na sa kabila ng mas sustenidong atake ng militar at pulis sa kanayunan at kalunsuran, laluna sa panahon ng Balikatan noong Abril at pulong ng APEC noong Hunyo at Setyembre, patuloy na tumugon ang mamamayan ng Panay sa panawagan ng Partido para sa "sustenido, pinalakas at pinaigting na mga kilusang masa na lawak-isla upang patalsikin ang rehimeng Aquino sa 2015." Puu-puuong libong Panayanon ang naglunsad ng mga panrehiyon at lokal na pakikibaka at umabot sa halos lingguhang aksyong masa sa mga pangunahing lunsod at bayan.

Samantala, sa katabing isla ng Negros, pinabulaanan ng BHB ang deklarasyon ng militar na nagapi na ang digmang bayan sa Negros.

"Ang BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa sa Isla ng Negros ay bumabati sa PKP sa pagkamit ng mga rebolusyonaryong tagumpay ... sa mahigit apat na dekada ng pamumuno sa demokratikong rebolusyon ng bayan," ani Juanito Magbanua II, tagapagsalita ng Apolinario Gatmaitan Command.

"Sa isla ng Negros, ang malakas na pamumuno at matatag na gabay ng PKP ang dahilan kung bakit nakapanindigan at nakaharap ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kaaway na ilang ulit na mas malakas nang gawin ito ng AFP na isa sa mga pambansang prayoridad ng Oplan Bayanihan mula pa 2011," dagdag pa niya. AB



# Mga tagumpay sa NCMR, ipagbunyi!


MANININGNING na tagumpay ang nakamit ng PKP sa North Central Mindanao Region. Ayon sa pahayag ni Norsen Manggubat, tagapagsalita ng Partido sa rehiyon, malapit na nitong makamit ang mga tungkuling itinakda nito para sa pagsusulong ng digmang bayan sa NCMR sa nakaraang mahigit apat na taon. Gayunpaman, kinikilala ng PKP rito na marami pa ang dapat gawin.

Sa larangan ng ideolohiya, naipatupad ang tatlong-antas na kurso ng Partido. Sa loob ng taon, nailunsad ang 31 grupo ng batayang kurso na dinaluhan ng 800 kasapi, anim na grupo ng intermedyang kurso na nilahukan ng 122 kadre at mahigit 40 ang nakapagtapos ng abanteng kurso. Napangibabawan ang limitasyon ng mababang literasiya sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong na materyal. Gayunpaman, kailangang doblehin o triplehin pa ang mga pagsisikap na makapagtapos ng pag-aaral para mahabol ang edukasyon ng malaking bilang ng mga bagong rekrut sa Partido.

Sa isang antas, naitaas na ang kakayahan ng mga kadre sa paglulunsad ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng uri para tukuyin ang mga porma ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kani-kanilang lugar. Ang mga nabuong pagsusuri ang ginamit na batayan para ilunsad ang malaganap at magkakasabay na mga pakikibakang magbubukid para ipatupad ang minimum na programa sa reporma sa lupa.

Nasa proseso ngayon ang rehiyon sa paghahanda para sa 12-taong pagsusuma ng kanilang mga rebolusyonaryong karanasan.

Lumawak ang rebolusyonaryong baseng masa nang 28% at 39% ang inilaki ng mga organisasyong masa. Nakamit ang mga tagumpay na ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng rebolusyong agraryo sa kulu-kulumpong mga baryo, pagbibigay ng puwang para sa pamumuno ng mga lokal na subseksyon sa pag-organisa at pagkonsolida sa mga napakilos at sa pagpapalawak sa mga baryo sa labas ng mga erya ng maniobra ng mga platung gerilya.




Nakapaglunsad ang BHB sa rehiyon ng 100 armadong aksyon laban sa iba't ibang armadong galamay ng reaksyunaryong estado. Lumaki nang 14% ang Pulang hukbo at dumami nang 12% ang matataas na kalibreng armas nito. Tuluy-tuloy ang mga pulitikal-militar na pagsasanay para palakasin ang sistema ng kumand mula antas-rehiyon pababa. Regular na naipatawag ang mga kumperensya mula antas rehiyunal tungong munisipal hanggang sa mga milisya. Tumaas nang 25% ang mga independenteng aksyon ng milisyang bayan.

Mahigit 100,000 mamamayan ang nakinabang sa mga pakikibakang agraryo na inilunsad sa tatlong prubinsya ng rehiyon. Halos kalahati ng mga pakikibakang ito ay nasa antas interbaryo o bayan. Ang mga ito ay mahigpit na nakakawing sa anti-imperyalistang mga pakikibaka laban sa mapangwasak na pagmimina, dayuhang mga plantasyon at iba pang "proyektong pangkaunlaran" ng naghaharing uri. Nakaugnay din ito sa anti-pasistang pakikibaka laban sa sapilitang pagrerekrut sa kontra-rebolusyonaryong Bagani Force, pamamaslang sa mga sibilyan, iligal na pang-aaresto, malawakang militarisasyon at iba pang abuso.

Mula sa mga pakikibakang ito, umusbong ang mga konseho ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka at Lumad sa antas munisipal at seksyon at naitatayo ang mga lokal na kapangyarihan sa pulitika.

Sa kalunsuran, nakaugat ang Partido sa hanay ng mga manggagawa, maralitang-lunsod, kabataan at iba pang sektor. Dala-dala ng mga yunit ng Partido dito ang mga isyung kinakaharap ng mga sektor tulad ng mababang sahod, kontraktwalisasyon, demolisyon, kapabayaan ng estado sa mga biktima ng sakuna at iba pa. Dala-dala rin sa kalunsuran ang mga isyu ng kabundukan, partikular ang brutal na pamamaslang sa mga Lumad at magbubukid. Mula sa mga pakikibakang ito, napalitaw ang mga aktibistang kabataan at maralita na sumapi sa BHB.

Dumami nang 40% ang bilang ng mga sangay at 47% ang bilang ng mga kasapi ng Partido sa rehiyon. Ang mga batang kadre ay pinapapasok sa mga yunit ng hukbo at sinasanay sa kumprehensibong pamumuno habang pinapanday bilang mga rebolusyonaryong proletaryo. Ang mga lokal na subseksyon ng Partido na nakabase sa mga bayan at kulumpon ng mga baryo ay masigasig na namumuno sa kani-kanilang mga saklaw laluna sa mga panahong wala sa erya ang mga gerilyang platun.

Tuluy-tuloy ang pagbubuo ng Partido sa pamamagitan ng mga talakayan, debate, pagpuna at pagpuna-sa-sarili, pagwawasto at pagbubuo ng wastong mga desisyon at kolektibong pamumuno. Tuluy-tuloy din ang pag-aaral, pagpuna at pagwaksi sa mga di-proletaryadong kaisipan na maaaring magpahina sa kaisahan ng Partido, lumabag sa mga prinsipyo, patakaran at internal na proseso nito at magdudulot ng kapinsalaan sa rebolusyon.

# Pagtatanggal ng mga dyip sa daan, tinuligsa

Nagprotesta noong unang linggo ng Enero ang mga tsuper at opereytor ng dyip, sa pangunguna ng No to Jeepney Phaseout Coalition at kaanib nitong PISTON, laban sa pakana ng rehimeng US-Aquino na tanggalin sa daan o i-*phaseout* ang mga dyip sa ngalan ng diumano'y pangangalaga sa kalikasan at modernisasyon.

Anila, magreresulta ang pakanang ito sa malawakang kawalan ng trabaho ng mga drayber at opereytor, pagkalugi ng lokal na mga negosyo at sa kalaunan, pagtaas ng pamasahe. Batid nilang itinutulak ang pakana para paboran ang malalaking dayuhang kumpanyang nagmamanupaktura ng mga "alternatibong" sasakyan at ang mga kumprador na balak mamuhunan sa pampublikong sistema ng transportasyon. Isa na naman umano ito sa mahabang listahan ng mga kontra-industriyalisasyong hakbang ni Aquino.


Sa unang bugso ng *phaseout*, tinatayang aabot sa 200,000 opereytor at 600,000 drayber ang mawawalan ng trabaho at kabuhayan sa buong bansa.

Balak ipatupad ang patakaran simula Enero 2016. Alinsunod rito, hindi na papayagang mamasada ang mga dyip na 15 taon o higit pang nakarehistro para mabawasan diumano ang antas ng ibinubugang *carbon* ng bansa.

Ang totoo, nais lamang ng rehimeng Aquino na paburan ang mga dayuhang negosyante sa pagtatakda ng paggamit ng mga "modernong" dyip. Sa partikular, bahagi ito ng itinutulak ng Department of Trade and Commerce na pagbebenta ng mamahaling mga *e-jeep* (mga dyip na pinatatakbo ng kuryente).

Aabot sa P1.3 milyon ang halaga ng mga sasakyang ito, malayong mataas kaysa sa halaga ng isang dyip na inaasembol sa Pilipinas. Bahagi ng pagtutulak na maibenta ang mga sasakyang ito ang plano ng gubyernong Aquino na pautangin ang mga drayber at opereytor ng pambiling pondo.

Binatikos ng koalisyon ang pabigat na dagdag na mga rekisito sa mga bagong dyip, tulad ng sistemang GPS o *global positioning system* at sistema para sa awtomatikong pangungulekta ng pamasahe. Tinutulan din nila ang pagbabawal sa pamamasada ng maliliit at indibidwal na drayber at opereytor kung hindi sila magpapailalim sa tinatawag na "fleet management program" na patatakbuhin ng malalaking opereytor o kumpanya.




Sa ilalim ng pakanang *phaseout*, tiyak na tatabo ang malalaking kumpanyang magsusuplay ng mga rekisitong makinarya at pyesa at lokal na mga kumprador na nais mamuhunan sa sistema ng pampublikong transportasyon ng bansa. Papatayin nito ang lokal na mga negosyong nag-aasembol ng mga dyip at nagkukumpuni ng mga pyesa dahil sa obligado ang Pilipinas na umangkat ng mga pyesa sa pinagkunang mga kumpanya.

Walang industriya ng motor sa Pilipinas. Ang mga dayuhang pabrika ng malalaking sasakyan na nasa bansa, tulad ng Toyota, ay nakatuon sa produksyon ng iisang pyesa na pang-eksport. Sa gayon, lahat ng mga dyip ay isa-isang inaasembol mula sa segunda-manong mga bahaging nanggaling pa sa ibang bansa. Sa mahabang panahon, pinaunlad ang mga ito ng mga latero, mekaniko, elektrisyan at mga artistang biswal sa mga empresang nag-eempleyo ng 20 manggagawa pababa. Maliliit ang mga empresa kaya walang pag-asa ang mga ito na makipagsabayan sa malalaking nagmamanupaktura ng sasakyan. AB

### Propesor ng UP, ginipit

IPINAILALIM sa sarbeylans at ginipit ang isang propesor ng University of the Philippines at dalawa pang aktibista. Bahagi ito ng pinaigting na harasment ng rehimeng US-Aquino sa ligal na pambansa-demokratikong kilusan na sinimulan noong nakarang taon.

Nabunyag ang sarbeylans ng militar kina Prof. Mykel Andrada, isang akademiko at manunulat ng Pinoy Weekly; Max Santiago, isang mamamahayag ng Manila Times; at Vencer Crisostomo, tagapangulo ng Anakbayan, matapos ipaalam sa kanila ng dalawang artistang biswal ang pagtatangka ng militar na sindakin sila para umaktong mga espiya laban sa tatlo. Inilahad nina Archie Oclos at Aleili, mga artistang biswal na tagasuporta ng kampanyang #StopLumadKillings, na nilapitan sila ng nagpakilalang "MJ Suarez" at inutusang tiktikan sina Andrada, Santiago at Crisostomo. Bago nito, ipinailalim din sa sarbeylans sina Oclos at Aleili, kasama ang kanilang mga pamilya at mahal sa buhay. AB

## Badyet ng 2016, dagdag na kikbak para sa eleksyon

ITINUTURING na "badyet para sa eleksyon" ang inaprubahan ng Kongreso at ni Aquino na pambansang badyet lalo't muling binuhay ang sistema ng *pork barrel* at ang Disbursement Acceleration Program (DAP) na kapwa idineklarang labag sa saligang batas ng Korte Suprema.

Naisagawa ito sa pamamagitan ng pagbabago ng kahulugan ng salitang "savings" (impok) at inawtorisa ang paglipat ng pondo mula sa mga nakasingit na probisyon ng batas sa badyet. Ang "savings" na ito ay ang pondong nakalaan sa nakaraang badyet, na kalakhan ay para sa mga bagong proyektong imprastruktura, at sadyang hindi inilabas ng Department of Budget and Management. Nilagdaan ni Aquino ang bagong badyet noong Disyembre 22.

Mahigit P930 bilyon sa P3 trilyong badyet para sa 2016 ay sa anyo ng awtomatikong paglaan (pangunahin para sa pagbayad sa utang ng bansa at sa Internal Revenue Allocation o IRA) samantalang umabot sa P408 bilyon ang Special Purpose Fund at P67.5 bilyon ang di-programadong mga pondo. Tanging si Aquino ang nakakaalam kung saan gagastusin ang mga ito.

May P11.7 bilyong halaga ng mga proyekto ang isiningit sa badyet ng 2016 na walang ibang layunin kundi palakasin ang kampanya ng mga kandidato ng Liberal Party at mga alyado nito.

Dalawa ang pakinabang ng mga kongresista sa mga proyektong ito – ang pagmamayabang na proyekto nila ito, samantalang nakakakuha sila ng kikbak mula sa mga kontratista na umaabot ng 30% ng halaga ng proyekto.

Pinakamalaki sa mga proyektong nagbabalik sa *pork barrel* ang P5.4 bilyong dagdag sa programa para sa Protective Services sa ilalim ng Department of Social Welfare and Development.

Dinagdagan din ang pondo para sa sumusunod: mga kalsadang *farm-to-market* sa ilalim ng Department of Agriculture; tulong umano para sa mga mahihirap na pasyente sa ilalim ng Department of Health; pondo para sa Government Internship Program at proyektong Tulong Pangkabuhayan sa Ating Disadvantaged Workers sa ilalim ng Department of Labor; at para sa programang Training for Work Scholarship sa ilalim ng Technical Education and Skills Development Authority o TESDA. AB

---

## Pinaigting na panunupil ng Turkey laban sa Kurd, nilabanan

LIBU-LIBONG mamamayang Kurd ang nagmartsa noong Disyembre 21 patungo sa mga distrito ng Cizre at Silopi na pawang isinasailalim sa panunupil ng mga armadong pwersa ng estado ng Turkey. Ang naturang mga distrito ay kapwa nasa lunsod ng Şırnak sa timog-silangang Turkey.

Binatikos nila ang pagpataw ng *curfew* mula Nobyembre at todong panunupil laban sa mga komunidad ng Kurd sa Cizre at Silopi simula Disyembre 15. Nilulusob at pinapasok ng mga espesyal na pwersa ng pulis ang mga bahay ng mga sibilyan at pwersahang pinalalayas ang mga tao.

Sa Silopi, sinalakay ng tangke ang ilang bahay noong Disyembre 21 na nagresulta sa pagkamatay ng isang 11-taong gulang na bata. Noong Disyembre 20, tatlong babae ang pinatay sa mga pamamaril at pananalakay ng mga pulis.

Ang mga pag-atakeng ito ay bahagi ng nagpapatuloy at lumalalang panunupil ng gubyernong Turkey laban sa mamamayang Kurd na nakikibaka para itayo ang sariling bansang Kurdistan. Ang kampanyang panunupil ay nagsimula noon pang Hulyo 2015, matapos maudlot ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Kurdistan Workers Party (PKK), ang partidong nagsusulong ng armadong pakikibaka, at AKP, ang partido ng naghaharing pangkatin sa bansa.

Inilunsad ng AKP ang todo-gera laban sa komunidad ng mga Kurd sa sumunod na mga buwan, gamit ang mga tangke, bomba, eroplanong pandigma, helikopter at libu-libong tropa, na puminsala sa buu-buong komunidad at nagbunsod ng malawakan at matitinding paglabag sa karapatang-tao.

Pinakamatindi ang mga pang-aatake ng AKP sa mga komunidad ng Cizre, Nusaybin, Silope, Gever, Farqin at iba pang mga syudad sa Hilangang Kurdistan na pinamamahalaan ng People's Democratic Party (HDP), isang partidong maka-Kurd na nakaupo sa parlamento ng Turkey. Target nitong patayin ang mga indibidwal na itinuturing nitong may ugnay sa PKK at wasakin ang HDP na inaakusahan nitong "prente" ng PKK. Layunin nitong palayasin ng mga residente sa mga komunidad na pinaghihinalaan nitong base ng armadong grupo.

Malawakan ang pagkawasak ng mga eskwelahan, ospital at iba pang mahahalagang imprastrukturang sibilyan. Ayon sa mga residente, hindi nalalayo ang kalagayan ng kanilang mga komunidad sa mga sona ng gera sa Iraq at Syria.

Kasabay nito, inilunsad rin ng AKP ang masinsing kampanya ng pamamaslang at panggigipit sa mga abugado, mamamahayag, kalaban sa pulitika, aktibista at iba pang progresibong pwersa sa buong Turkey. Kabilang sa mga pinaslang nito ang bantog na abugado para sa karapatang-tao na si Tahir Elci noong Nobyembre 29, 2015. AB